GRADE IV

# REHIYONG AWTONOMUS PARA SA MUSLIM MINDANAO

## ALAMIN MO


Dalawang mag-aaral ang nag-uusap.




Malalaman mo sa modyul na ito ang tungkol sa mga sumusunod.

- *Pagkakabuo ng Rehiyong ARMM*
- *Ang mga lalawigan at kabisera nito*
- *Katangiang pangheograpiya*
- *Likas na yaman at hanapbuhay*
- *Magagandang pook ng rehiyon*

## PAG-ARALAN MO




Ito ang mapa ng rehiyong ARMM. Ano-ano ang lalawigang bumubuo sa Rehiyon? Ano ang kabisera ng bawat lalawigan?

Basahin Mo

Ang ARMM ay nabuo noong Agosto 1, 1989 matapos lagdaan ni Pangulong Corazon Aquino ang R.A. 6734. Ito ay pinairal noong Hulyo 9, 1990, pagkaraang mahalal ang unang pangkat ng mga opisyales sa rehiyon.

Ang rehiyong ito ay binubuo ng 5 lalawigan.

Pag-aralan ang talahanayan sa ibaba. Alamin mo ang kabisera, sukat at lawak sa kilometrong parisukat ng mga lalawigan ng Rehiyon ng ARMM.

KABISERA AT LAWAK SA KILOMETRONG PARISUKAT

| Lalawigan | Kabisera | Sukat ng Lawak sa Kilometrong Parisukat |
|---|---|---|
| 1. Lanao del Sur | City of Marawi | 3,850.3 $km^2$ |
| 2. Maguindanao | Sharrif Aguak | 4,714.8 $km^2$ |
| 3. Sulu | Jolo | 1,600.0 $km^2$ |
| 4. Tawi-Tawi | Panglinia Sugala | 1,087.4 $km^2$ |
| 5. Basilan | Isabela | 1,327.2 $km^2$ |

**KLIMA** - Mainit na mamasa-masa ang klima ng kanlurang bahagi ng rehiyon. Maulan naman sa lalawigang nasa gitnang bahagi ng Rehiyon. Ang panahon ng tag-araw ay mula Enero hanggang Abril. Wala ritong panahon ng tag-araw.

**TOPOGRAPIYA** - Ang rehiyong ito ay binubuo ng mga bundok, talampas at kapatagan. Sagana sa kagubatan ang kabundukan dito.

**PANGKABUHAYAN** – Palay, niyog at latex ang mga pangunahing pananim ng mga magsasaka. Ang latex ay dagta ng halamang goma na ginagawang mga gulong. Pagtotroso at pagsasaka ang mga pangunahing hanapbuhay dito. Pangingisda, paninisid ng perlas at pangangalakal ay mga mahahalagang hanapbuhay naman ng mga taga ARMM.


**MAGAGANDANG TANAWIN**

Tuklasin mo naman ang magagandang pook na siyang nagsisilbing panturismo ng rehiyon.

| Lalawigan | Magagandang Pook |
|---|---|
| 1. Lanao del Sur | Lake Lanao, Aga Khan Museum<br>Sacred Mountain, Moncado,<br>Colony Bagong Beach, Rolling Hills & Mountains |
| 2. Maguindanao | Rio Grande de Mindanao<br>Takumi Butai Memorial Shrine,<br>Our Lady of Lourdes Grotto, Tinako Hill |
| 3. Sulu | Walked City, Tulya Mosque,<br>Maubo Beach, Tandu at Tadying Beaches |

| | |
|---|---|
| | American Cavalry Monument |
| 4. Tawi-Tawi | Gusong Reef, The Royal Kupungan Mosque<br>Sangay Siapo Island, Tahing-Tahing Beach |
| 5. Basilan | Malami Island, Calaviño Peak, Kumalarang River<br>Balagtasan Waterfalls |

## PAGSANAYAN MO





Isulat sa kuwaderno ang iyong sagot sa mga pagsasanay.

A. Suriing mabuti ang mapa ng Rehiyong ARMM. Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ilang lalawigan ang bumubuo sa ARMM?
2. Ano ang kabisera ng Maguindanao?
3. Alin sa mga lalawigan dito ang pinakatimog ng ARMM?
4. Anong lalawigan sa rehiyong ito ang pinakamalaki?
5. Ano ang kabisera ng Tawi-Tawi?

B. Punan ang patlang ng tamang sagot upang mabuo ang pangungusap sa bawat bilang.

6. Nabuo ang rehiyong ARMM noong _____.
7. Tag-araw sa ARMM mula buwan ng Enero hanggang _____.
8. _____ ay dagta ng halamang goma na ginagawang gulong.
9. Ang rehiyon ng mga Muslim ay ang _____.
10. Ang paninisid ng _____ ay isang mahalagang hanapbuhay ng mga taga rehiyon ng ARMM.



**TANDAAN MO**

- *Ang Rehiyong ARMM (Autonomous Region in Muslim Mindanao) ay nabuo noong Agosto 1, 1989 at pinairal noong Hulyo 9, 1990.*
- *Ang ARMM ay binubuo ng 5 lalawigan.*
- *Pagtotroso, pagsasaka, pangingisda, paninisid ng perlas at pangangalakal ang mga pangunahing hanapbuhay sa rehiyong ito.*
- *Maraming magandang pook at tanawin rito na nakatutulong sa turismo ng rehiyon.*
- *Maraming pagdiriwang ang mga Muslim na naririto.*



## ISAPUSO MO

Lagyan ng tsek (√) ang iyong sagot.

| Sumasang-ayon ka ba sa mga paniniwalang ito | Opo | Di-Tiyak | Hindi Po |
|---|---|---|---|
| 1. Marangal na hanapbuhay ang paninisid ng perlas. | | | |
| 2. Ang mga Muslim ay kapuwa natin Pilipino. | | | |
| 3. Mapagmahal sa kalikasan ang mga taga-Rehiyong ARMM. | | | |
| 4. Mahusay tumanggap ng mga panauhin ang mga Muslim. | | | |
| 5. Mapagtangkilik sa sariling produkto ang mga Muslim. | | | |

## GAWIN MO

Gumawa ng isang “picture frame”.

Ihanda ang mga sumusunod na gamit.

1. kabibe/sigay
2. ¼ illustration board
3. glue
4. ½ plastic cover
5. gunting

Paraan ng Pagsasagawa

1. Sukatin ang lapad at haba ng frame ayon sa gustong sukat.
2. Gupitin ang illustration board nang ayon sa hugis na nais.
3. Lagyan ng glue ang paligid ng board.
4. Ikabit/Idikit ang kabibe/sigay sa paligid ng frame at idikit ang larawang inihanda.
5. Balutan ng “plastic cover” ang frame.
6. Ipakita sa guro ang proyekto upang mamarkahan.




**SAGUTIN MO**

Isulat sa kuwaderno ang iyong sagot.

A. Basahing mabuti ang mga gabay na tanong. Hanapin sa lipon ng mga titik sa loob ng kahon ang tinutukoy sa bawat bilang.

1. Ano ang isang mahalagang hiyas na matatagpuan sa rehiyong ARMM?
2. Ano ang kabisera ng Tawi-Tawi?
3. Ano ang isa sa pangunahing hanapbuhay dito?
4. Ano ang tawag sa kabisera ng Sulu?
5. Ano ang kabisera ng Maguindanao?
6. Ano ang bibliya ng mga Muslim?
7. Saan matatagpuan ang Lanao Lake?
8. Sino ang propeta ng mga Muslim?
9. Ano ang pinakamaliit ng lalawigan dito?
10. Sino ang Pangulo ng Pilipinas nang mabuo ang Rehiyong ARMM?




| | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | A | N | G | L | I | M | A | S | U | G | A | L | A |
| C | W | L | A | A | D | C | L | H | B | E | S | R | M |
| O | A | M | A | N | M | O | H | A | M | M | E | D | E |
| R | L | O | W | A | E | O | O | R | A | S | C | I | L |
| A | T | T | J | O | L | O | R | I | T | C | K | F | V |
| Z | S | R | G | D | P | N | D | F | O | U | O | E | I |
| O | G | S | O | E | E | R | D | F | N | Q | R | R | N |
| N | P | E | R | L | A | S | O | A | A | E | A | A | B |
| A | A | W | N | S | D | U | E | G | O | R | N | N | A |
| Q | R | F | S | U | S | L | F | U | N | D | A | T | T |
| U | S | G | Z | R | T | U | A | A | S | R | S | E | A |
| I | P | A | G | S | A | S | A | K | A | G | A | C | A |
| N | A | I | N | A | C | A | Y | R | T | T | M | N | N |
| O | N | T | Z | R | D | A | B | B | O | N | O | B | S |

B. Sagutan ang mga tanong sa bawat bilang.

11. Anong uri ng klima mayroon ang kanlurang bahagi ng rehiyon?
12. } Ano-ano ang pangunahing pananim ng mga magsasaka rito?
13.
14. Ano ang isang mahalagang hiyas na nakukuha sa karagatan ng ARMM?
15. Ano ang tawag sa dagta ng halamang goma na ginagawang mga gulong?
16. Anong lawa ang kilalang-kilala sa Rehiyon ng ARMM?
17. Anong pagdiriwang ng mga Muslim ang pag-aayuno sa loob ng isang buwan?
18. Ang Sulu at Tawi-Tawi ay napaliligiran ng anyong tubig. Ano ang isang mahalagang hanapbuhay dito?
19. Bukod sa isda, ano pa ang makukuha sa mga mangingisda sa karagatan ng Sulu?
20. Ano ang kabisera ng Basilan?





Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.